# 1

Inihimpil ni Arianne ang kanyang berdeng *Honda Civic* sa tabi ng isang puting sasakyan sa labas ng covered court ng *Sta. Anastacia National High School*. When she opened her car door, a music popular a decade ago was blaring from the venue of their batch reunion. Ang malakas na tunog ay dumagundong sa kanyang tainga na para bang lalong nagpalakas ng kabog ng kanyang dibdib.

Huminga siya nang malalim habang papasok sa maliwanag na lugar. Her eyes were struck by brilliant beams of light from a mirrored ball that was rotating overhead. Maingay ang paligid. Masayang tawanan at nakakabinging kuwentuhan ang naririnig niya. Her senses were stimulated by the party, yet she just stood beside the door. Parang nahirapan siyang humakbang paloob samantalang sanay na sanay siya sa mga social functions.

“Arianne! Oh, my God! Arianne Asturias … ikaw nga!”

Napalingon siya sa gawing kaliwa na kinaroroonan ng registration table. Kaagad niyang nakita si Millie. Tumayo ito at nakabukas ang

dalawang braso na patakbong sinalubong siya. Nakahinga nang maluwag si Arianne. Millie was her best friend in high school. Pinili niyang huwag makipag-communicate dito sa mahabang panahon pagkatapos niyang umalis sa kanilang bayan.

"Millie!" salubong din niya rito.

Niyakap siya nito nang mahigpit. "Diyos kong babae ka, akala ko'y hindi ka makakarating. Aba'y ni hindi ka man lang tumawag para mag-confirm," halos patiling sabi nito . Hinaplos pa nito ang kanyang mukha na parang hindi makapaniwala. "Kumusta ka na? Sikat na sikat ka na, ah." Tinitigan siya nito mula ulo hanggang paa. ""Kakainis ka!" pakli nito pagkuwan.

"Bakit?"

"Hus! Palibhasa sikat ka na, ni hindi ka man lang nakaalala…" nakalabing tugon nito.

"Millie…alam mo naman na…"

Pinutol nito ang sasabihin niya. "Oo na… oo na. Naintindihan ko pero ang hindi ko maintindihan, bakit ganyan ka pa rin?"

Nalito si Arianne. "Ano'ng ibig mong sabihin?"

"Ay, kaseksi mo! Parang walang sampung taon

na dumaan sa buhay natin samantalang ako…”

Ngumiti siya. “Seksi ka rin naman, ah. Ikaw pa rin ang Miss Boobsie ng klase natin.”

“Asus! Apat na kaya ang anak ko. Malaki pa rin nga ang boobs ko pero pati balakang at puson ko, lumaki na rin.” Umakto pa ito na parang umiiyak.

Hindi siya makapaniwala. Apat na ang anak ni Millie? “Kumusta si Ambet? Kayo pa rin?” Si Ambet ay kaklase rin nila na nagtanan kay Millie pagkatapos ng graduation nila sa high school.

Nanlaki ang mata nito. “Naman! May babago pa ba? Kahit ugok ang lalaking ‘yon, eh, mahal ko ‘yon at saka sino pa ba’ng magkakamali sa hitsura kong ito? Hay naku! Ang Ambet na ‘yon… inanakan ako nang inanakan para hindi na ako mapansin ng iba. Pero no regrets. Grade five na ang panganay ko.”

Bigla, napuno ng excitement ang puso ni Arianne. Para bang marami siyang gustong malaman sa mga kaklase at mga kaibigan nila. Wala siyang balita tungkol sa mga ito dahil sinadya niyang huwag makibalita pagkatapos ng masakit na karanasan niya.

“Pasensya na kung hindi ako nakapagpasabi na darating ako, ha? Ano kasi… last minute na ako

nakapag-decide na tumuloy."

Hinila siya nito sa kamay. "Okay lang 'yon. Ang importante, narito ka na. Halika at para makita ka na ng mga kaklase natin. Siguradong matutuwa sila."

*Maliban siguro sa isa*, sabi ng utak niya. "S-sandali." Pinigil niya ang kamay ng kaibigan. "M-Millie…"

"Hmm…. alam ko ang iniisip mo. Diyos ko naman, Arianne! Ang tagal na n'on. Limot na ng lahat ang nangyari. Besides, may kani-kanya na kayong buhay. Parte lang 'yon ng kabataan."

Kung mayroong nakakaalam ng damdamin niya noon, si Millie iyon. Ito ang tumayong tulay nila noon ni Gareth. Ang napangasawa nitong si Ambet ay matalik ding kaibigan ng lalaki. "N-narito na ba siya?"

"Si Gareth?" paniniguro nito kahit alam na marahil kung sino ang tinutukoy niya.

Tumango siya.

"Kanina pa. Nakita kong kausap siya ni Mr. Aguilar kanina." Si Mr. Protacio Aguilar ang school principal ngayon ng *Sta. Anastacia National High School*. Dati nilang adviser ang matanda noong

senior year nila. “Kinakabahan ka?”

Tumango siya.

“Natural lang ‘yon. Matagal kayong hindi nagkita.” Hinila na siya uli ni Millie.

Ilang sandali pa ay napagitnaan na si Arianne ng kanyang mga dating kaklase at kaibigan.

Nakilala niya ang mga asawa ng mga ito. She was becoming more acquainted with them but she was looking for someone. May maliit na bahagi ng kanyang puso ang kinakabahan na hindi niya mawari.

Inabutan siya ng wineglass ni Ambet na tuwang-tuwa rin nang nakita siya. Mayamaya ay binigyan naman siya ng balota para sa gagawing pagboto sa mga bibigyan ng award. There would be prizes for different categories such the baldest among the batchmates, the one who had the most number of children, the one who had come the farthest for the reunion and others. Ang pagtitipong iyon ay hindi kasing-rangya at kasing-sosyal ng gatherings na inoorganisa o dinadaluhan ni Arianne pero hindi maitatatwang nae-excite siya. Excitement na mas nadadaig ng kabang kanina pa naghahari sa kanyang dibdib.

"Who gets your vote?"

Napatda si Arianne pagkarinig sa baritonong boses na iyon. Hindi siya kaagad nakalingon. Pakiramdam niya ay biglang tumigil ang pag-inog ng mundo. Sampung taon na ang nakakaraan mula nang huli niyang makausap ito, subalit kilala pa rin niya ang tinig ng lalaking ito. It was deeper, more mellow. It was achingly familiar and straight out of her dream.

Dahan-dahan siyang lumingon. She raised her head and looked at him. Pakiramdam niya ay ang puso naman niya ang tumigil sa pagpintig.

Gareth was more handsome, more magnetic than she remembered. Mas nahubog ang kagandahang-lalaki nito ng lumipas na panahon. The lines around his eyes and along either side of his mouth only added another dimension to his attractiveness. Paano ba niya malilimutan ang magagandang mata nito na binagayan ng malalagong kilay? His slender nose flared slightly over a mouth that testified to both sensitivity and strength. The cleft in his chin was deeper than she remembered but the jaw was just as square and as determined.

Kung may nagbago man dito, marahil ay ang kilos nito at ang paraan ng pagsasalita. Gosh, he

was talking in English! Kunsabagay, nabasa niya sa artikulo na nagtapos ito ng MBA sa Agriculture at marami na ring business bukod sa farming. He was no longer the simple Gareth she used to know. Ibang-iba na nga ito. Mula sa pananamit hanggang sa pagsasalita.

Samantala kanina sa loob ng kanyang hotel room ay paikut-ikot si Arianne. Kinakabahan siya; nanginginig ang kanyang mga kamay habang pinagkikiskis ang mga iyon. Hindi niya kasi alam kung ano ang maaaring mangyari nang gabing iyon ng batch reunion nila.

Sampung taon na ang nakalipas mula nang umalis siya sa kanilang bayan. Sa loob ng mahabang panahong iyon ay ngayon lamang siya uli nagbalik doon. Nang natanggap niya ang imbitasyon para sa batch reunion mahigit isang buwan na ang nakakaraan, maraming beses siyang nag-isip kung dadalo ba siya o hindi.

Hindi na sana siya muling tatapak pa sa lugar na iyon. Napakaraming alaala na dala ng Sta. Anastacia. Maraming masaya pero may isang napakahapding alaala na ayaw na sana niyang balikan pa. Nasaktan siya at mayroon siyang sinaktan.

She was known to be the most beautiful student

of *Sta. Anastacia National High School* during her time. She was adored by boys and envied by girls. Dahil bukod sa kanyang angking kagandahan, matalino rin siya. Siya ang nag-iisang anak ng pinakamayamang pamilya sa maliit na bayang iyon.

And because she was the most beautiful girl, siya rin ang nakaakit sa pinakaguwapong lalaki sa kanilang paaralan: si Gareth Bartolome. At ito na nga ang kaharap niya ngayon.

Nakaramdam siya ng bahagyang paninikip ng dibdib. Ito ang dahilan kung bakit ayaw na sana niyang bumalik pa roon. May nakaraan sila ni Gareth. Pero ito rin ang dahilan kung bakit kailangan niyang tumapak uli sa Sta. Anastacia. May malaking pabor siyang kailangang hilingin sa lalaking naging bahagi ng buhay niya.

Nang magbalik siya sa Pilipinas tatlong taon na ang nakakaraan mula sa matagal na paninirahan sa Amerika, napag-alaman niya ang maraming interesanteng bagay na nangyari kay Gareth. Di-sinasadyang nabasa niya sa isang broadsheet ang artikulo tungkol dito. Mayaman na ngayon ang lalaki. Ito na ang nagmamay-ari ng napakalaking lupain na dating pinagtatrabahuhan ng pamilya nito. Ayon sa artikulo, suwerte ang naghatid ng

kayamanan sa pamilya nito.

Nang mabasa ni Arianne ang artikulong iyon, may naramdaman siyang tuwa sa kanyang puso. Alam kasi niya kung gaano kahirap ang pinagdaanan ni Gareth at ng pamilya nito para lang mabuhay. High school classmate niya ang lalaki pero mas matanda ito sa kanya nang apat na taon. Natigil kasi ito sa pag-aaral dahil sa sobrang kahirapan. Kinailangan pa nitong maging atleta ng eskuwelahan nila para lang mabigyan ng scholarship.

Ang pag-aaral sa *Sta. Anastacia National High School* ang pinakamasasayang araw sa kanyang buhay. Kahit ang gusto ng mga magulang ni Arianne ay mag-aral siya sa exclusive school sa kapitolyo, ipinagpilitan niyang pumasok sa public school. Paano ay estudyante roon si Gareth. Ayaw niyang mapahiwalay rito. Pero hindi alam ng mga magulang niya ang tungkol doon. Sa pagkakaalam ng mga ito ay ayaw niyang malayo sa kanyang mga kaibigan kaya mas pinili niyang mag-aral sa paaralang iyon.

Ang nakaraan nila ni Gareth ang pinakamagandang nangyari sa buhay niya, subalit iyon din ang nagbigay sa kanyang puso ng pinakamapait na karanasan. Ngunit alam niya na mas matindi ang hapding idinulot niyon sa lalaki.

Pero siguro naman, nalimot na nito ang lahat.

Arianne was a known personality in her own right. May column siya sa isang kilalang diyaryo. Minsan ay lumalabas din siya sa telebisyon kapag naiimbitahang mag-guest sa isang show. She was a member of the board of *Give a Life Foundation*. Ang nasabing foundation ay kumukupkop sa mga abandonado at may kapansanang mga bata. Iyon ang dahilan kung bakit lumakas ang loob niyang magbalik sa bayan ng Sta. Anastacia. Ang reunion ay hindi magtatapos sa gabing iyon dahil bukas ay nakatakda ang swimming party sa *Bartolome Private Resort*. Pag-aari iyon ni Gareth.

Kung gusto niyang tuluyang mawala ang takot sa dibdib niya na harapin ang lalaki, kailangan na niyang gawin ngayon.

"SO," he said, "who gets your vote?"

Pakiramdam ng dalaga ay umantak ang kanyang sikmura. Nerbyos ba iyon? Pakiramdam din niya ay nabalutan ng ulap ang maliwanag na lugar at tanging si Gareth lamang ang kanyang nakikita. Only Gareth's image was clear.

"M-my vote?" sa wakas ay bumuka ang kanyang

bibig. “For which category?”

“For the Most Unexpected Person to Attend the Reunion category.” Hindi ito nakangiti. His eyes were busy exploring every feature of her face.

“H-hindi mo inisip na darating ako?”

“Hindi ko akalain,” malamig na tugon nito.

“W-why did you think I wouldn’t?” ganti niya.

Nakatitig ito sa kanyang mga mata. “I just didn’t think you’d have the guts,” sagot nito saka ngumiti. The lazy grin was a slap in the face after what he said. Arianne was hurt. Bago pa siya nakapagsalita, inabutan siya ni Ambet ng panibagong wineglass.

Sa kanyang kalituhan, lumigwak ang red wine na laman niyon. Nabasa ang kanyang black cocktail dress.

“Oops! Sorry, Arianne,” hinging-paumanhin ni Ambet. “Sandali, kukuha ako ng napkin.”

“It’s okay… kasalanan ko. Clumsy ako.” Pinagpag niya ng kamay ang nabasang damit.

Dumukot sa bulsa ng slacks si Gareth. Inilabas nito ang isang puting panyo at iniabot sa kanya. “Here.”

"T-thank you," aniya. Hindi siya makatingin nang derecho sa mga mata nito. Pagkatapos niyang punasan ang damit ay ibinalik niya ang panyo sa lalaki.

Kinuha ni Ambet ang baso sa kamay niya. "Ikukuha kita ng bago. Ito kasing si Macoy… nakakita na naman ng bagong prospect kaya wala sa bar counter. Siya ang naka-assign na magbigay ng drinks. Walang sawa sa pambababae talaga ang Macoy na 'yon."

Alam ni Arianne na nagbiro ito para gumaan ang atmosphere sa pagitan nila ni Gareth.

"Para namang bago ka nang bago kay Macoy," pakli ni Gareth. "May reputasyon siya … love them and leave them." Nakatitig ito sa kanya sa huling binanggit.

She wished at that moment she were anywhere on earth but there. Bakit ba kasi nagpunta pa siya roon? It was going to be worse than she thought. Ngayon pa lang ay sarkastiko na sa kanyang pakiramdam ang bawat salitang binibitiwan ni Gareth.

Nagbiro uli si Ambet. "Nagpi-play safe lang si Macoy. S'abi niya lagi, marriage is a pain in the butt."

"Marriage or annulment?" Gareth asked.

Napasulyap sa kanya si Ambet.

Nag-iwas siya ng tingin.

"Gareth…'andito ka lang pala." Isang malambing na tinig ang narinig ni Arianne mula sa kanyang likuran at sa isang iglap ay nakita niya ang may-ari ng tinig na iyon na nakahawak sa braso ni Gareth. She was wearing a red tube minidress. Nakakunot ang noo nito nang nagtama ang mga paningin nila. The girl might be in her early twenties. Too young for someone like Gareth.

"Debra… meet Arianne Asturias," pagpapakilala ni Gareth sa babae. "Arianne, siya si Debra… ang anak ni Mayor Burgos."

She immediately saw amazement in the woman's eyes. "Oh… I'm pleased to meet you, Arianne. Nababasa ko minsan ang column mo. Ikaw pala 'yon."

Bigla ang pananakit ng kanyang lalamunan. *Ikaw pala 'yon*. Marahil ay marami itong alam tungkol sa kanya. She assumed Debra and Gareth were lovers. Obvious naman iyon sa kilos ng kausap na halos idikit ang dibdib sa braso ng lalaki. Natural na sabihin ni Gareth dito ang mga nakaraan nito—

kabilang na siya. "T-thanks for reading my column," nasabi na lang niya.

Ipinagpasalamat niya na inaya ni Debra si Gareth na iwan muna siya at sumama sa kinaroroonan ng ibang alumni, pero kasabay ng paglayo ng mga ito ay ang pagdurugo ng kanyang puso. There was no reason for her to feel that way but it was exactly what she was feeling.

Parang gusto ni Arianne na tumakbo palabas ng covered court na iyon. Dapat ba siyang magsisi na bumalik pa siya sa Sta. Anastacia? Dapat ba siyang umalis na lang uli at sumumpang hindi na muling babalik pa kahit na ano ang mangyari?

Subalit kailangan na niyang harapin si Gareth, once and for all. Gusto na niyang makahingi ng tawad dito sa kasalanang nagawa niya. Gusto niyang matapos na ang paghihirap sa pagdadala ng bigat ng dibdib na sampung taon na niyang kinimkim. Pangalawa na lang ang pabor na nais ng foundation na trabahuhin niya.

She needed to face him to ask for his forgiveness. Para na rin sa ikatatahimik nila pareho. Baka naman sa kabila ng poot na nakikita niya sa mga mata nito ay naroon pa rin ang malambot na puso nito.

Pero paano nga ba siya hihingi ng tawad dito pagkatapos ay may pabor na hihilingin? Baka kalimutan na lang muna niya iyon. Ang mas importante ay mapatawad siya ng lalaki.

Kailangang malagyan ng tuldok ang iniwan niyang hapdi sa puso nito. Hindi madali ang gagawin niyang muling pagkuha ng loob ni Gareth pagkatapos ng nangyari sa pagitan nila. Pero kailangan niyang gawin kahit mahirap. She needed to finally move on.

# 2

Nagsalita si Mr. Aguilar sa kalagitnaan ng kasayahan. Namigay ito ng mga papremyo sa mga nagwagi sa mga kategoryang ibinoto nila. Sina Ambet at Millie ang nagkamit ng titulong ang mag-asawang may pinakamaraming anak. Apat ang anak ng mga ito.

"Masuwerte tayo sa gabing ito," anang principal. "Kasama natin ang dalawa sa pinaka-successful sa inyong batch. Sila ang inyong class favorites—walang iba kundi sina Gareth Bartolome at Arianne Asturias."

Umugong ang palakpakan.

"Before I close my short speech, I would like to ask them to come forward and lead off the next dance. You were a class that the faculty could take pride in. Have a good time, everyone, and please remember that you are always welcome here at *Sta. Anastacia National High School*."

There was applause and murmur of conversation. Ang kalahati ng mga tao ay nakatingin kay Gareth habang ang kalahati ay nakatuon ang atensyon kay

Arianne. Nasa magkabilang direksyon sila ng venue. Everyone waited expectantly.

Marami nang nangyari sa gabing iyon. Naipamigay na ang mga papremyo. Maraming ginawang games. Marami nang napag-usapan ang lahat. Nagkasiyahan na.

But this was the evening's first moment of drama. Lahat ay nakakaalam ng tungkol sa naging ugnayan nila noon.

Gusto ni Arianne na matunaw na lang siya sa mga sandaling iyon. Sa kasalukuyan ay nasa dance floor siya at si Macoy ang partner. She looked across Gareth's direction. His one arm was casually draped over his date. Hooked between the index and middle fingers of his other hand was a long-necked bottle of beer. Tinungga nito ang laman niyon bago iniabot sa nakakunot-noong si Debra.

Then, he strode across the dance floor toward her. "Dance with me, Arianne?" tanong nito. Malamlam ang tingin nito.

Nangilabot siya. "I... I guess I have no choice." Samyo niya ang pinaghalong beer at hard drink sa hininga nito.

"That's right. Wala kang choice. Hindi ka

puwedeng tumakas kahit pa gusto mo."

Alam niyang sarkastiko na naman ang tono ng lalaki. Pinilit niyang bale-walain iyon. She saw a satisfied smile curled at the corner of his lips. He opened his arms and she stepped into them. The crowd applauded.

Mas lumakas ang sigawan nang hapitin siya ni Gareth. He drew her closer, his enclosing arms firmly securing her against him. Kinilabutan siya lalo. He held her the same way whenever they danced, with both arms tightly linked around her waist. Wala na siyang choice kundi ipatong ang kanyang mga kamay sa matitipunong balikat nito.

Napasulyap siya sa kinatatayuan ni Debra na nag-iisang taong na hindi natutuwa sa nakikitang pagsasayaw nila ni Gareth. Halos mag-abot sa pagkakasalubong ang mga kilay nito. "Debra is watching," nasabi niya.

"Who gives a damn?" he retorted.

"She will. Baka magselos siya. You're holding me too close," katuwiran ni Arianne.

"Slow dance ang sinasayaw natin. Alangan namang magkalayo tayo habang nagsasayaw?"

Napalunok siya nang sunud-sunod. She could feel his breath against her hair. She could feel everything. Her senses were fully aware of him; awakened with an intense craving to experience everything they had missed. Pakiramdam niya ay nanlulupaypay siya. Gusto na lang niyang ihimlay ang kanyang ulo sa balikat nito buong gabi. She knew her gaze was provocative when she lifted her eyes to his.

"G-gusto mo ba ng slow dance?" Silly question. Bakit niya naitanong iyon?

Ngumiti ito. Totoong ngiti ang nakita niyang gumuhit sa mga labi nito. "Oo."

"B-bakit?"

"What a dumb question." He drew her even closer. "Para maramdaman ko uli… ang… ang dati... at kung may nabago na sa 'yo." Malamlam ang mga mata nito.

Parang inalihan ng kung anong espiritu si Arianne. Tila gusto niyang makipag-flirt sa kasayaw. Marahil ay dahil na rin sa alak na nainom niya kaya siya nagiging pangahas sa pagsasalita. "You would remember?"

"I would remember."

"And?" Nagugulumihanan siya sa takbo ng usapan. She knew she was actually flirting with Gareth.

"There have been some changes here and there."

She smiled. A flirty kind of smile. "Really? Where?" Nag-iinit ang kanyang tainga.

Hindi ito sumagot; pinakatitigan lamang siya.

Bigla siyang napahiya sa ginawang provocation.

"Embarrassed?" pakli ng kasayaw. Hindi pa rin nito inaalis ang pagkatitig sa kanya.

"Hindi ka ganyang magsalita noon."

"Maraming nagawa sa akin ang panahon," anito bago huminga nang malalim. "I'm a man now and I can exactly say what's on my mind." Hinaplos nito ang kanyang likod na nagbigay ng explosive sensation kanyang kaibuturan. "I'm impressed with the figure you have now," anito, sabay sulyap sa kanyang dibdib.

Nag-init lalo ang kanyang tainga pati ang pisngi niya. "Hindi ko kailanman matatalo si Millie," biro niya para maibsan ang pagkailang.

Tumawa ito. Si Millie ang nagmamay-ari ng

pinakamayamang dibdib noong high school sila. Takaw-pansin ito noon dahil sa boobs nito.

“You look good, Arianne,” biglang pag-iiba nito.

“Thanks.”

“You are more beautiful than bef0re. Taglay mo pa rin ang gandang kinabaliwan ko.” As if to show her the truth of his words, his arms tightened another degree around her waist. Their thighs aligned, bellies pressed together, hips messed. Her breasts were flattened against his hard chest.

Huminto ang tugtog.

Sinubukan niyang kumalas sa pagkakayakap ang lalaki pero hindi ito natinag. “Gareth… tapos na ang music,” sabi niya.

“May kasunod pa ‘yan.”

“Pero ang date mo...” paalala niya nang pumailanlang ang isa pang malamyos na tugtog.

“Makakapaghintay siya. Siya naman ang nagprisintang sumama sa akin dito.”

“You sound so confident.”

“Ayoko na ng seryosohang relasyon. Alam nila iyon.”

Nagulat si Arianne. “Nila? So… totoo palang…”

“Wala nang mawawala sa akin.”

“You still have your self–respect, Gareth.”

Nangunot bigla ang noo ng lalaki. Gumuhit ang poot sa mga mata nito. “Nawala na ang respeto ko sa sarili ko magmula noong…noong—”

“Gareth… please… don’t…”

Tila ang pagbanggit niya sa pangalan nito ang nakapagpawala ng poot sa mga mata ni Gareth. Iyon at ang ginawa niyang pagdantay ng ulo niya sa balikat nito. She felt she wanted to do it. Gusto niyang doon pa lamang ay ibulong na niya rito kung gaano rin siya nasaktan sa ginawa niyang pananakit dito.

He held her just as securely but there was gentleness in his embrace now. Nanatili sila sa ganoong posisyon hanggang sa natapos ang pangalawang tugtog.

Nakaramdam si Arianne ng pagkapahiya sa sarili nang si Gareth pa mismo ang naunang kumalas sa kanilang posisyon.

When their gazes locked, he spoke softly. “It was such a nice dance.”

Kimi siyang tumango, sabay tanggal sa pagkakasalikop ng mga kamay niya sa batok nito. "Y-yeah." Tumalikod siya at humakbang palayo.

Sinundan siya nito. "What's the hurry?"

Pinilit niyang magbiro. Nilingon niya si Debra na noon ay halos magkasalubong na ang mga kilay habang nakatingin sa kanila. "Nagliliyab na ang mga mata ng date mo. Please give the lady some respect."

Nilingon din nito ang babae saka tumangu-tango. Pero tila walang pakialam sa ka-date na binalingan siya uli nito. "Are you coming to the swimming party tomorrow?"

"I guess I would."

Malapad ang pagkakangiti ni Gareth. "I heard you're staying at the *Sta. Anastacia Hotel*."

Tumango siya.

"'Yung iba nating kaklase na taga-Manila, sa resort naka-check in. Why don't you stay there?"

Napalunok siya. "N-no need…"

"Bakit?"

"Gareth…"

"I'm inviting you to stay."

"Bakit?"

Pinakatitigan siya nito. "For old times' sake."

"G-Gareth…"

Ngumiti ito. "Wala ka na bang babanggitin kundi puro pangalan ko? Look, the resort is open for all of you. Kung sila nga na wala namang naging malalim na kaugnayan sa buhay ko, inimbitahan ko… ikaw pa kaya?"

Magsasalita pa sana si Arianne pero nakita niyang palapit na si Debra sa kanila. Kaagad nitong inagaw ang atensyon ni Gareth. Hindi na naitago ng babae ang iritasyon sa tono nito.

"I want to go home now, Gareth," anito bago sinulyapan siya nang pailalim.

"All right," sagot ng lalaki sa ka-date bago bumaling uli sa kanya. "Ihahatid ko lang si Debra. "I'll be back."

Hindi sumagot si Arianne. Alipin pa rin ng kaba ang kanyang dibdib hanggang sa nakalabas ng covered court sina Gareth at Debra. Wala na siyang balak pang magtagal sa kasayahang iyon. Hindi na niya hihintayin ang pagbalik ng lalaki.

Nilapitan niya si Millie para magpaalam dito.

"Ano? Aalis ka na? Ang aga-aga pa para umiskapo ka," kontra nito.

"Millie, pagod na ako. Gusto ko nang magpahinga."

"Charing! Ang sabihin mo, may iniiwasan ka lang. Hay naku! In love pa rin talaga kayo sa isa't isa."

Pumiksi siya. "Ano ba'ng pinagsasabi mo diyan?"

Sumeryoso si Millie. "Arianne, baka nalilimutan mo na kung mayroong nakakabasa kung ano ang nararamdaman mo, ako 'yon. Kanina, habang magkasayaw kayo ni Gareth sa dance floor, naiiyak ako kasi ramdam na ramdam ko na mahal mo pa rin siya."

Sunud-sunod ang pag-iling niya. "Hindi totoo 'yan."

"Maaaring maloko mo ako pero hindi ang sarili mo."

"Matagal na panahon na ang lumipas. Marami nang nangyari. At alam ko… ramdam ko kung gaano pa rin kabigat sa dibdib ni Gareth ang lahat. I could see anger in his eyes. "

“Hindi naman madali para sa kanya ang nangyari.”

Napalunok si Arianne. Nanakit ang kanyang lalamunan. “A-alam ko kaya… para… para hindi na kami lalong magkasakitan, iiwas na lang ako. Dapat nga… dapat nga hindi na lang ako pumunta dito. Binuksan ko lang ang sugat na dapat ay naghilom na.”

Nalungkot ang kaibigan. “Nagsisisi kang nagpunta pa rito?”

“Hindi na ako dapat na nagbalik pa, Millie… kahit ibinubulong ng puso ko na kailangan nang lagyan ng closure ang nangyari noon. At hindi ko inasahan na magiging ganoon din kasakit sa akin ang muli naming pagtatagpo. I now realize na pareho lang kami uling masasaktan.”

“Mahal ka pa ni Gareth.”

Pinigil niya ang pagpatak ng luha. “Imposible.”

“Bakit imposible? Hanggang ngayon, binata pa siya.”

“Ramdam ko ang poot sa dibdib niya, Millie. Ramdam ko ang galit niya sa akin at ang galit na iyon ang dahilan kung bakit naglalaro na lang siya

ngayon sa pag-ibig."

"Malay mo, ito na nga ang simula para—"

Umiling siya. "Hindi ganoong kadali na makuhang muli ang kanyang pagtitiwala, Millie."

"Ano'ng plano mo?"

"Babalik na ako sa Maynila bukas."

Nagulat ito. "Ha? Akala ko ba may business kang ipinunta dito sa Sta. Anastacia? Kaya nga pumunta ka na rin sa reunion na ito, di ba? At may swimming party pa tayo."

Nabanggit niya kanina kay Millie ang tungkol sa *Give A Life Foundation*. "Saka na lang 'yon. Iba na lang ang papupuntahin ko rito."

"Nakakapanghinayang naman kung aalis ka agad. Nalulungkot ako kasi akala ko ito na ang simula ng pagsasara ng malungkot na kabanata ng buhay ninyo ni Gareth. Sa totoo lang, kanina nang makita kita, bigla akong umasa na madugtungan ang naputol ninyong relasyon."

"Things just don't happen the way we wish them to happen." Pinisil niya ang kamay ni Millie. "I really enjoyed being with you guys. Hayaan mo, palagi na kitang tatawagan at iti-text."

Napangiti ito. “Sinabi mo ‘yan, ha? Dapat nga inaanak mo ‘yung panganay ko, kaya lang ni hindi ka man lang nagparamdam mula nang umalis kayo rito kaya hindi kita nasabihan.”

Pinilit niyang ngumiti. “I’ll go now.”

Inalok ng kaibigan na ipahatid siya sa asawa nito, ngunit tumanggi siya dahil malapit lang ang hotel. Nangako itong tatawagan siya kapag nagawi sa Maynila upang magkita sila.

Nang palabas na si Arianne ng gate ng *Sta. Anastacia National High School*, mabigat na mabigat ang kanyang mga paa. Mahal pa rin niya si Gareth.

# 3

Halos hindi nakatulog buong magdamag si Arianne dahil sa kaiisip sa nangyari sa reunion. Sa totoo ay gustong talunin ng nararamdaman ng kanyang pusong manatili sa Sta. Anastacia, lumuhod kay Gareth at humingi ng tawad kaysa utos ng isip niya na bumalik na lang sa Maynila. Pero alam niyang mas dapat manaig ang dikta ng isip. Let bygones be bygones. Ayaw na rin niyang maulit ang pagkakalapit nila dahil hindi niya alam kung saan iyon maaaring humantong. She flirted with him last night. She wouldn't know the extent of what she could do when she was near him. Parang nawawala siya sa sarili sa tuwing tinititigan ni Gareth gayunma'y ramdam ng puso niya ang galit nito lalo pa sa mga sarkastikong pananalita nito.

Jesus! Ni hindi niya inisip na magiging intimate silang muli sa pamamagitan ng pagsasayaw. She never realized how intoxicating her feelings for him. Wala pa ring nagbago kahit mahabang panahon na ang lumipas. Kaya pala kahit minsan ay hindi niya naturuang tumibok ang puso niya sa ibang lalaki. She dated with a few men but she never gave her heart to them. Si Gareth pa rin ang nagmamay-ari

ng kanyang puso at wala nang iba.

Pero gaya ng nasabi niya kay Millie, magkakasakitan lamang sila kung mauungkat pang muli ang nakaraan. Nasaktan siya sa mga pasaring ng lalaki. Pero sa totoo ay mas takot siya sa kanyang nararamdaman.

Dadamputin na sana niya ang kanyang maleta nang nag-ring ang kanyang cellphone. Ang numero ni Mrs. Carol Padilla, founder ng *Give A Life Foundation*, ang rumehistro.

“Hello, Mrs. Padilla?” aniya.

“Hi, Arianne, hija. Kumusta? Nakausap mo ba ang may-ari ng lupa?”

Napalunok siya. Si Gareth ang tinutukoy nito. May isang pilantropo na taga-Sta. Anastacia ang nag-donate ng lupa sa foundation, pero hindi sapat ang laki niyon para sa ipatatayo nilang bahay-ampunan at eskuwelahan para sa kabataan na walang matuluyan. Sa kanyang pagdalo sa meetings ng foundation ay palagi na iyong napag-uusapan. Dahil tahimik na lugar ang Sta. Anastacia, napagkasunduan na roon na itayo ang eskuwelahan at bahay-ampunan. Dalawang taon nang pinag-uusapan iyon pero dahil malaki ang proyekto ay kailangang mas malawak

ang lupang gagamitin. They had to acquire at least additional of five hectares of land.

Ang mga lupang nakapaligid sa lupang ipinagkaloob sa kanila ng isang pilantropo ay pag-aari ni Gareth. Dahil alam ng mga kasamahan niya sa foundation na taga-Sta. Anastacia siya, siya ang napakiusapang kumausap sa lalaki para bilhin ang lupa. Ilang beses na silang nagpadala ng liham kay Gareth at tinawagan din ito sa telepono pero wala silang natatanggap na sagot. Marahil ay wala talaga itong balak ibenta ang lupa nito.

"Arianne, nakausap ko na ang Japanese na magbibigay ng malaking halaga para sa itatayong orphanage at school. Nang tinanong ako kung okay na ang lupa, sinabi ko nang oo para hindi na siya makaurong. Hay naku, Hija! Sa wakas ay matutupad na rin ang pangarap natin na makapagpatayo ng malaking bahay-ampunan at eskuwelahan."

"M-Mrs. Padilla, hindi ko pa ho nakakausap 'yung may-ari ng lupa."

"Ha? Bakit? Akala ko ba'y magkikita kayo kagabi?"

"Oho nga, pero…." Hindi niya maituloy ang sinasabi.

"Hindi bale. You are staying there for a longer time kaya alam ko na kayang-kaya mong kumbinsihin ang may-ari ng lupa. And besides, lalaki siya, di ba? I'm sure you can make it. Hindi natin puwedeng biguin ang pangarap ng mga less fortunate children na mabibigyan natin ng magandang buhay."

Hindi na nakapagsalita si Arianne. She had a personal reason why she was working hard for the foundation. Nang umalis sila sa Sta. Anastacia at lumipat sa Maynila ay natuklasan niyang ampon lamang pala siya ng mga nakilala niyang magulang. Hindi sinasadyang nakita niya ang adoption papers niya. Inamin naman ng mga ito sa kanya ang sekreto.

Hindi siya napigilan ng mga ito na alamin ang kanyang pinagmulan. Nalaman niya na dalawa pala silang magkapatid. Iniwan ng kanyang ama ang ina niya. May ovarian cancer ang kanyang ina at may taning na ang buhay kaya dinala sila nito sa ampunan. Mahihirap ang lahat nilang kamag-anak kaya walang tumanggap sa kanila.

She was only six months old then while her sister was two years old. Pinilit niyang alamin kung ano ang nangyari sa kanyang kapatid at masaklap iyon para sa kanya. Nasunog ang maliit na bahay-ampunan at kasama ito sa natupok ng apoy.

Walang umampon sa kanyang kapatid dahil sakitin daw ito. Ang bagay na iyon ang palaging umuukilkil sa kanyang puso at isipan. Ipinangako niya sa sarili na tutulong sa mga kapus-palad lalo na sa mga bata hangga't nabubuhay siya.

Iyon din ang dahilan kung bakit gusto sana niyang harapin si Gareth. Gusto niyang pumayag ito na ibenta sa foundation ang lupang kailangan nila para sa mga batang nangangailangan ng masisilungan at magandang buhay.

She had to make the foundation's dream possible. Kailangan niyang gawin iyon para hindi na maulit ang nangyari sa kanyang ate sa ibang bata. Dahil sa tuwing may nakikita siyang batang nangangailangan ng kalinga, naalala niya ang kanyang kapatid at labis na nagdurugo ang puso niya. Since she was a child, she had wanted to have a sister. Mayroon naman pala siyang kapatid pero hindi na niya nakilala dahil sa kahirapan.

Ayon sa mga opisyal ng *Give A Life Foundatio*n, ang Sta. Anastacia ang pinakamagandang lugar para sa proyekto nila.

"Sana, hija, huwag kang titigil hangga't hindi mo nakakausap si Gareth Bartolome, ha? Kung anuman ang maging problema, tumawag ka lang.

Kung malaki ang halagang hihingin niya, gagawan natin ng paraan na makalikom ng dagdag na pera pero kung nabasa niya ang mga sulat natin, sigurado namang lalambot ang puso niya," mahaba-habang paliwanag ni Mrs. Padilla.

Napapikit si Arianne. Paano ba niya sasabihin sa kausap na naiipit siya sa sitwasyon? "Kung… kung… sa ibang lugar na lang ho kaya…"

"Everything is set already," paalala nito. "Pati 'yung ibang tumutulong sa atin ay sang-ayon na ang Sta. Anastacia ang pinakamagandang lugar kaya kailangan na nating maayos ang lahat. This is our first big project kaya kailangang mag-materialize."

Iyon nga ang gusto niya. Alang-alang sa alaala ng kanyang kapatid. "S-sige ho. Pipilitin kong makausap 'yung may-ari sa lalong madaling panahon."

Natuwa si Mrs. Padilla. "All right. We hope to hear from you soon."

Pinindot niya ang 'end call' button ng cellphone at nagpakawala ng sunud-sunod na buntong-hininga. Nang magtungo siya sa Sta. Anastacia, buo ang loob niyang harapin si Gareth. But when she met him again last night, everything changed.

Napaigtad si Arianne nang marinig ang

mahihinang katok sa pinto. Baka iyon na ang hotel attendant na tutulong sa kanya para magbuhat ng maleta niya. Hindi na niya itutuloy ang pag-check out. Kailangan muna niyang kausapin si Gareth tungkol sa kanyang pakay.

Nang buksan niya ang pinto ay bumulaga sa kanya ang taong laman ng isip niya.

"G-Gareth?"

Magkasalubong ang mga kilay ng lalaki. "Nang dumalo ka sa reunion kagabi, alam mong hindi lang isang gabi 'yon. Extended ng dalawang araw ang pagtitipon na itutuloy sa aking resort," anito na walang kakurap-kurap. "You said you were going to stay. Why then are you leaving?"

Parang kumislot ang kanyang puso. Gusto ba ni Gareth na makasama pa siya nang matagal?

"Alam kong mahilig kang tumakbo kapag naiipit sa isang sitwasyon, but you can't do that to me this time," patuloy nito bago walang sabi-sabing tumuloy sa loob ng kuwarto. Nakatalikod ito habang nagsasalita. "Ganyan ka nga pala talaga. Mahilig magpakagat 'tapos tatalikod."

His masculine scent made her shiver when he passed in front of her. Sinundan niya ito. "What do

you mean?"

Nakapamaywang ito nang humarap sa kanya. A sardonic smile played on his lips. "After I saw you last night and after that dance, do you think hahayaan pa kitang basta na lang uli mawala?"

Gumapang na naman ang kilabot sa kaibuturan ng dalaga. "W-what do you mean?"

Ni hindi ito nagbaba ng tingin. "I mean I am going to claim what is rightfully mine," anito habang titig na titig sa kanya.

Inalihan siya ng kakaibang kaba. "Gareth, h-hindi ko maintindihan."

Dinalawang hakbang lang nito ang espasyong nakapagitan sa kanila bago siya hinawakan sa mga balikat. "Of course you know what I am talking about, Arianne." Nanlilisik ang mga mata nito. "You walked out on me ten years ago. Hindi ka tumupad sa pangako."

Nahintakutan siya sa galit na nakita niya sa mga mata nito. "Alam mo ang dahilan ko, Gareth." Gusto na niyang mapaiyak.

"Spare me the dramatics, Arianne. Nadala na ako sa drama mo noon. Sinabi mong mahal mo ako.

Sinabi mong ipaglalaban mo ako sa mga magulang mo kahit ano'ng mangyari pero ano?" Humigpit ang pagkakahawak ng lalaki sa kanyang mga balikat "Hinayaan mong ipakulong nila ako! Umalis ka dito sa Sta. Anastacia nang hindi ko nalalaman!"

Tumulo na ang luha sa magkabilang pisngi ni Arianne. Nanariwa sa kanyang gunita ang masakit na nakaraan. Malinaw pa sa alaala niya nang ipahuli ng kanyang mga magulang sa pulis si Gareth at ipakulong ito. Pinagbintangan ito ng kidnapping dahil underage siya noon. Wala siyang magawa. Hinila siya ng kanyang ina patungo sa kotse. Sumigaw siya. Nagmakaawang pakawalan ng mga pulis si Gareth. Pero namaos na siya ay hindi siya pinakinggan ng mga ito.

Pagdating nila sa bahay ay kinausap siya ng kanyang ama. Kung magmamatigas daw siya ay ipapapatay nito sa loob ng kulungan si Gareth. Kumpare ni Mr. Asturias ang police chief sa bayan nila at sa pagkakilala niya sa kanyang ama ay alam niyang hindi ito nagbibiro. Kapalit ng kalayaan ng lalaking mahal niya ay nangako siyang sasama sa kanyang mga magulang sa Maynila at kalilimutan na minsan ay naging bahagi ng kanyang buhay si Gareth.

Patuloy sa pag-agos ang kanyang luha nang muling magsalita. “Gareth, patawarin mo ako,” pakiusap niya sa garalgal na boses.

Pauyam na ngiti ang sagot nito. “After ten long years, narinig ko rin ang mga salitang ‘yan mula sa iyo,” anito sa sarkastikong tinig. “Alam mo ba nang makita kita kagabi, hindi ko alam ang nararamdaman ko. I wanted to get even right then and there.” Bigla, hinapit siya nito sa baywang. “I wanted to have you… to get my prize… as your husband.”

Napakagat-labi si Arianne. Pinilit niyang magsalita. “Gareth… it has been ten years. Alam naman nating—”

“Alam nating ano? Walang bisa ang kasal sa umpisa pa lang? Dahil below eighteen ka noon at kailangan ng parental consent? Na dinaya lang natin ang edad mo para maaari tayong pakasal?”

“Sixteen pa lang ako noon. Null and void ang kasal.”

Mas hinapit nito kanyang beywang. Halos hindi na siya makahinga. “I knew that. Pero kung ipinaglaban mo ang relasyon natin, puwede tayong nanatiling kasal. Hindi sana tayo pinaghiwalay ng mga magulang mo. Masakit para sa akin na wala

kang ginawa para sa ating dalawa, Arianne. Peke man ang kasal natin sa mata ng ibang tao, para sa akin ay tunay ang pag-iisang-dibdib na 'yon dahil nagmamahalan tayo.

"Alam ko na rin na pinaglaruan mo lang ako. Ginamit mo ako para magrebelde sa mga magulang mo. Sino nga ba naman ako? Isang taong walang-kuwenta. Dukha!"

"Gareth... nasasaktan ako…" saad niya nang maramdamang humigpit ang pagkakayapos nito at tila iniipit siya sa katawan nito.

Binitiwan siya ng lalaki. Tumalikod ito pero nagpatuloy pa rin sa pagsasalita. "Akala ko noon, hindi na darating sa ganito ang sitwasyon natin. Mabuti na lang at inalihan ng suwerte ang buhay ko. Alam kong patay na ang mga magulang mo. I have always wanted to see you in Manila, pero naghintay ako ng tamang panahon. At hindi ako nagkamali."

"I…I came here on purpose."

Humarap ito sa kanya. Tila nawala na ang nagbabagang tingin nito. Lumamlam na ang mga mata nito.

"I… I wanted to ask for your forgiveness—"

"Too late. After ten years, ngayon ka pa hihingi ng tawad?"

"Alam kong walang kapatawaran ang ginawa ko, Gareth, pero inisip ko lang ang kapakanan mo. Mga bata pa tayo noon. A-ayokong mapahamak ka."

"Ayaw mong mapahamak ako o hindi mo kayang maghirap? Ipinahamak mo na ako. Ipinabugbog ako ng ama mo. Ipinakulong sa salang hindi ko ginawa. Wala kang alam sa pinagdaanan ko, Arianne. Wala kang pakialam asa akin!"

"Gareth, patawarin mo na ako."

Natagalan bago uli ito nagsalita. "Iyan lang ba talaga ang purpose mo sa pagpunta rito? Ang humingi ng tawad? Bakit hindi mo ginawa kagabi? Kung hindi ako nagkakamali, we both feel we missed each other so much."

Hindi nakapagsalita ang dalaga.

"O talagang mahilig ka lang gumawa ng drama. Pagkatapos mo uli akong pakagatin kagabi, aalis ka na rin ngayon. Tatakasan mo na naman ako." Umiling-iling ito. "You can't do that to me again this time, Arianne. You can't do that to me unless…"

"Kalimutan na natin ang nangyari."

"Madali para sa iyo na gawin 'yon dahil hindi ka nabugbog, nakulong at dinusta. Madali para sa iyo dahil hindi ka naging totoo kahit kailan."

Naglalandas pa rin ang luha sa kanyang mga mata. "Hindi totoo 'yan!"

Tumalim ang mga mata nito. "Hindi totoo? Pagkalipas ng sampung taon saka ka hihingi ng sorry? Hindi na ako ang dating tangang lalaki na nakilala mo, Arianne."

Naitakip niya sa bibig ang kanyang kamay para mapigilan ang mapahagulhol. Nasasaktan siya sa nakikitang galit sa mga mata ng binata ngayon. Ibang Gareth na talaga ang kanyang kaharap.

Muli ay nagsalita ito. "Sabihin mo sa akin ang totoong dahilan ng pagpunta mo rito. Dahil kung ang paghingi ng tawad lang talaga ang rason mo, dapat noon mo pa iyon ginawa."

Humikbi si Arianne. Ngayon niya higit na napagtanto kung gaano kalaki ang pagkukulang niya kay Gareth. Kung hindi siya naduwag na tawagan ito at humingi ng tawad, dapat ay matagal nang nagkaroon ng closure ang kanilang kuwento. Dapat ay pareho na silang naka-move on sa mga panahong ito.

"Damn! Tell me your reason for coming here!" malakas na sigaw nito na nakapagpagulat sa kanya.

Nahintakutan siya. Lumunok muna siya bago nagsalita. Garalgal ang kanyang boses. "I… I belong to a foundation. Nagpadala kami ng sulat sa iyo… ilang beses na p-pero…"

Tumangu-tango ito pero halos nanlilisik ang mga mata nito. "I knew it! I just knew it!" Tumalikod ito. "I really hoped na ikaw ang makipag-usap sa akin. Dininig ng Diyos ang panalangin ko at ikaw ang lumapit sa akin. Alam ko ang tungkol sa affiliation mo sa *Give A Life Foundation*. Kaya hindi ako sumasagot sa sulat ay dahil gusto kong ikaw ang makipag-usap sa akin."

"B-bakit?"

"Kailangan bang sagutin ko ang tanong mo? You should be smart enough to know my reason. I always run your profile, Arianne. Baka nakakalimutan mong may kapasidad na ako para gawin 'yon. Alam kong ikaw ang ginagamit ng foundation para kumausap sa mga prospective donors dahil sa ganda at charm mo. I saw how you spoke with men in televised social gatherings and I always read your columns."

Lalo siyang nasaktan sa sinabi nito. "I'm working

for the foundation."

"At gagawin mo'ng lahat para makuha ang gusto mo? Gaya ng muli mong paglapit sa akin na sigurado kong ginagawa mo sa lahat ng prospective donors ng foundation."

Napalunok siya uli. "Wala akong magagawa kung ganyan ang pagkakilala mo sa akin, pero nasisiguro ko sa iyong malinis ang—"

Pinutol kaagad nito ang kanyang pagpapaliwanag, "Naghihintay na sina Millie sa resort. You're coming with me. Hindi ba't gusto mong makuha ang lupa?"

Natigagal si Arianne.

Ngumiti ito. Para siyang matutupok sa uri ng ngiting iyon. "You'll have it. On one condition…" pabitin nitong saad.

"A-anong kondisyon?"

"I will have what's rightfully mine gaya ng nasabi ko na kanina. Ikinasal nga tayo pero walang honeymoon, remember?" Hinaplos nito ang kanyang pisngi at bumaba ang kamay nito sa kanyang baba. Hanggang sa unti-unting bumaba ang labi nito sa kanyang bibig.

Napasinghap si Arianne at napapikit. Pero hindi dumampi ang labi nito sa kanya gaya ng inaasahan niya.

Bitbit na nito ang kanyang maleta nang magdilat siya ng mata. "Let's go! Maiinip sila."

Napabuga siya sa hangin. Namalayan na lamang niyang sumusunod siya sa lalaki habang binabagtas ang hallway na palabas ng hotel. Dumerecho sila sa kotse nitong nakaparada sa harapan ng gusali.

Hindi maipaliwanag na kaba ang nararamdaman ni Arianne, pero mas matindi ang excitement na bumabalot sa kanyang kaibuturan. Gareth wanted to get his reward as her husband ten years back. Iyon lang ba ang mahalaga rito? Iyon lang ba ang makakapagpahupa ng galit nito sa kanya?

If that was what he wanted, she would be willing to give it to him. Tutal walang ibang lalaking nanaisin niyang pag-alayan ng sarili kundi si Gareth lamang.

Wala silang imikan habang nasa loob ng sasakyan. Pakiramdam tuloy niya ay dinig na dinig niya ang malakas na kabog ng kanyang dibdib.

Nilingon siya nito mayamaya. "Alam ba ng boyfriend mo na narito ka?"

Nagulat siya sa tanong nito pero mabilis siyang sumagot. “Wala akong boyfriend.”

Tumawa ito. Tawang nang-uuyam. “Yeah, right,” anito. Nilingon siya uli nito. “Kasama ba ‘yan sa plano mo para ma-hook ako at ibenta ko sa inyo ang lupa ko? I’m telling you… it will be yours.”

Hindi na siya nagsalita. Hindi niya masisisi si Gareth kung isipin man nito ang gayon. She was a celebrity in her own right. Maraming pangalan ng mga lalaki na inili-link sa kanya. Gustuhin man niyang ipagsigawan dito na ito lamang ang una at huling lalaking mamahalin niya ay wala na ring halaga. Malalaman na lamang nito na malinis siya kapag ‘kinuha’ na nito ang nais nitong kabayaran sa nagawa niyang kasalanan.

Binasag nito ang katahimikan. “Si Congressman Alberto Santiago? Si Colonel Bustamante? Sino pa nga ba? ’Yung artistang si—”

“Gareth…”

“I’m sorry. Iniisip ko lang, kung nakilala mo siguro ako noon na ganito na kayaman, hindi mangyayari ang nangyari ten years ago. Naalala ko ang sinabi ng tatay ko sa akin matapos akong makulong. Masyado raw mataas ang aking ambisyon. Hindi raw bagay

ang mahirap sa mayaman."

Lumunok muna si Arianne bago nagsalita dahil nananakit ang kanyang lalamunan. "M-mahigit dalawang taon tayong may relasyon. T-totoo ang… ang damdamin ko. Ang pagkakataon lang ang… ang naging hadlang."

Bigla ang pagpreno nito kaya muntik na siyang mapasubsob sa dashboard. "Damn! I'm old enough now to be fooled again." Inihampas nito ang kamay sa manibela. "Don't ever say that to me again," anito bago pinaarangkada uli ang kotse.

Hindi na niya nagawang sumagot. Kinagat na lamang niya ang pang-ibabang labi at pinigil ang pagsungaw ng luha sa kanyang mga mata. No man had ever raised his voice on her except Gareth.

# 4

Tuwang-tuwa ang kanilang mga kaklase lalo na si Millie nang makita nitong kasamang dumating ni Gareth sa resort si Arianne. Maganda ang lugar, malinaw ang tubig–dagat at brown ang buhangin. May malaking swimming pool din na makikita sa loob ng resort. Hindi niya lubos-maisip na si Gareth ang may-ari ng nakakalulang lugar na iyon. Alam niyang may kakayahan itong umunlad dahil sa talino at abilidad nito, pero hindi ang magkaroon ng malalaking properties gaya ng farm at resort.

"You will occupy the Orchids Cottage. The group will leave tomorrow. You will stay." Walang kakurap-kurap si Gareth nang sinabi iyon. Nasa labas sila ng reception office.

Pakiramdam ng dalaga ay gumapang ang kilabot mula sa kanyang ulo hanggang talampakan. Muli ay nakita niya ang titig nito na halos tumagos sa kanyang kaluluwa.

"May gusto kang sabihin?" untag nito.

Lumunok muna siya dahil parang may nakaharang na bato sa kanyang lalamunan. "I got

the message clearly. Kailangan kong tuparin ang tungkulin ko sa iyo na tinalikuran ko noon. Huwag kang mag-alala, hindi ko ipagkakait sa iyo 'yon. Salamat at hihintayin mo munang makaalis sila bago mo gawin ang gusto mo."

Tila natigilan ito sa sinabi niya. "Kung may dala kang swimsuit, you can change para makasama ka na sa kanila. Kung wala, puwede kang bumili sa maliit na boutique d'un sa reception area. I'm sure may swimsuit na magkakasya sa iyo."

Bahagya siyang tumango. "Meron akong dalang swimsuit. Balak ko sana talagang mag-swimming sa dagat when I decided to go here."

Tumangu-tango ang lalaki. "This place is a lot better than other resorts here because it's private," anito. "Mauna na ako. Marami akong aasikasuhin," dugtong pa nito bago siya tinalikuran.

Nakagat niya ang pang-ibabang labi habang pinagmamasdan ang paglayo ni Gareth. He really changed a lot. Marami ang nabago rito—anyo, kilos, pagsasalita at ugali. Pati ang isinumpa nitong pagmamahal sa kanya noon ay nagbago na rin. Nawala na. Poot ang humalili.

"Arianne…"

Napalingon siya nang marinig ang tinig ng kaibigan. “Millie…”

“Ano? Ligo na tayo?”

“Magpapalit lang ako ng damit.”

“Samahan na kita.”

Habang naglalakad sila patungo sa cottage na laan para sa kanya ay nag-usap pa rin sila.

“Mabuti’t sumama ka kay Gareth,” nakangiting sabi nito.

“He left me with no choice,” tugon niya.

“Hus! Sabihin mo gusto mo rin siyang makasama,” biro pa nito.

“Millie, may mga bagay na mahirap ipaliwanag.”

“Huwag ka nang magpaliwanag. Basta ako, natutuwa na magkakasama tayo uli. At mas natutuwa ako na magkakasama kayo ni Gareth. Nagdarasal ako na sana mabuksan uli ang mga puso ninyo sa isa’t isa.”

Hindi na sumagot si Arianne. Nagsumpaan man sila ni Gareth na magmamahalan habang-buhay ngunit hindi siya nakatupad sa pangakong iyon. Naging duwag siya.

PANAY ANG TUNGGA ni Gareth sa bote ng beer na hawak niya habang nakatingin sa nagsisipaglangoy na mga kaeskuwela sa beach pero nakatuon ang atensyon niya kay Arianne. Good thing he was wearing dark glasses. Hindi makikita kung sino ang tinitingnan niya.

Arianne was wearing a black one-piece swimwear. She was so gorgeous. Napakaseksi at napakaganda pa rin nito. Nakakabaliw.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwala na kasama niya ang babae. God knows how he wanted to see her for a long time. Pinigil lamang niya ang kanyang sarili na puntahan ito sa Maynila. He knew there was proper time for everything. At ito na nga ang pagkakataong hinihintay niya.

He would have her entirely in his arms. Hindi ba't iyon lang naman ang nais niya? Pagkalipas ng masasakit na nangyari sa buhay niya nang iwan siya nito, dapat lang na maging manhid ang kanyang puso at wala na siyang maramdaman pang pag-ibig.

They got married when he was twenty and she was sixteen. Dahil hindi pabor sa kanya ang mga magulang nito sapagkat mahirap lamang siya, nagtanan sila. Kahit menor de edad si Arianne

ay nagawa nilang dayain ang age nito upang makapagpakasal sila sa isang judge sa kabilang bayan. Subalit dahil mayaman, makapangyarihan ang ama ng naging asawa. Ipinabugbog siya nito at ipinakulong. Kinasuhan pa siya nito ng abduction.

Oo nga't nakita niyang umiyak si Arianne noon, pero hindi ganoon lang ang inaasahan niya. Nangako ito sa kanya na ipaglalaban ang pag-ibig nila hanggang sa huli. Pero matapos nitong sumama sa mga magulang nito sa Maynila ay wala na siyang nabalitaan pa tungkol dito. Hanggang sa isang araw ay nakita niya ito sa telebisyon at nabasa niya ang pangalan nito bilang isang manunulat sa lifetstyle section ng isang magazine.

Kaya nga nagsusumikap siya noon ay para maging karapat-dapat dito pero hindi siya pinagbigyan ng magulang nito. Ngayon ay baligtad na ang mundo. He was a lot richer than Arianne. Kung himala mang maituturing ang pagkakakilala niya sa isang mag-asawang German na nagnais na magkaroon ng farm sa Sta. Anastacia, iyon ang nagsimula ng kanyang suwerte.

Nagsa-sideline siya noon bilang lifeguard sa malaking resort sa Sta. Anastacia. Nailigtas niya sa pagkalunod ang kaisa-isang anak ng mag-asawang

German. Mga turista sina Mikey at Shera. Mula noon ay naging kaibigan niya ang mga ito, Minsang bumalik ang mga dayuhan sa Pilipinas, naisipan ng mga ito na mag-invest sa negosyo, partikular sa Sta. Anastacia.

Dahil nakuha ni Gareth ang tiwala ng mag-asawa, siya ang tumayong industrial partner ng mga ito. Pansamantalang ipinangalan sa kanya ang negosyo dahil hindi maaaring ilagay iyon sa pangalan kina Mikey at Shera sapagkat dayuhan ang mga ito. Palibhasa'y graduate naman siya ng kursong Agriculture, napagyaman niya ang limampung ektaryang farm. Kumita iyon nang malaki sa loob ng tatlong taon.

Itinuring na siyang parang kapatid ng mga ito. Kalahati ng buong kita ng farm ay napupunta sa kanya. Dahil nagustuhan na ng mag-asawa na manatili sa Sta. Anastacia, nag-apply na immigrants ang mga ito. Sa kasamaang-palad, bago pa naging ganap ang lahat, naaksidente ang mag-anak at sabay-sabay na namatay nang bumalik ang mga ito sa Germany para magbakasyon. Nalaman niya ang balita mula sa kaisa-isang kapatid ni Mikey na minsan na ring nakapagbakasyon sa Sta. Anastacia.

Dahil pangalawang pamilya na ang turing niya

sa mga ito, nasaktan siya. Ginawa niya ang nararapat. Kahit nakapangalan sa kanya ang negosyo, hindi niya pinag-interesan iyon. Sapat na ang naipon niyang salapi para makapagsimula ng sarili niyang farm, pero hindi nagkainteres ang kapatid ni Mikey na kunin iyon sa kanya.

Ayon kay Darcy ay palagi raw siyang ikinukuwento ng mag-asawa at hindi na nito kailangan ang properties na naiwan ng dalawa sa Pilipinas. Sapat na raw ang katapatan na ipinakita niya sa mga ito. Naging matalik na kaibigan niya ang lalaki at paminsan-minsan ay nagbabakasyon ito sa Sta. Anastacia. Siya man ay dalawang beses na ring naimbitahan nito na magbakasyon sa Germany.

Gareth even had his own scholarship foundation. Nang tuluyang ipinaubaya ni Darcy sa kanya ang negosyong ipinundar niya at ng kapatid nitong si Mikey, nagdesisyon siyang magtayo ng foundation para makatulong sa mahihirap na estudyante sa Sta. Anastacia.

Kaya hindi sarado ang isip at puso niya sa pagbibigay-tulong sa anumang foundation na lumalapit sa kanya. Nang natanggap niya ang liham mula sa *Give A Life Foundation*, ni hindi siya nagdalawang-isip na i-donate ang lupang kalapit ng

lupang pag-aari na ng organization pero hindi niya ipinaalam iyon sa grupo. Inasam niya na isang araw ay lalapit sa kanya si Arianne.

At hindi nga siya nabigo sa kanyang nais. Ngayon ay abot-kamay na niya ang babaeng sampung taon din niyang hinintay na muling makasama.

Naging maayos ang buhay ng pamilya niya na dating dinudusta ng mayayaman sa Sta. Anastacia. Napagtapos niya ng kolehiyo ang dalawa niyang kapatid; ngayon ay parehong matagumpay na ang mga ito sa napiling larangan at pareho nang may pamilya. Pinili ng mga itong sa ibang bansa manirahan. Magkasunod naman na pumanaw ang kanyang mga magulang apat na taon na ang nakakaraan.

Nagawa na niyang maging bato ang kanyang puso. Hindi na siya marunong magmahal. Sa mga lumipas na panahon ay marami siyang nasaktang babae dahil hindi na siya naniwala sa pag-ibig. But he had always been fair in dealing with women. He never gave commitment. Hanggang ngayon ay iisang babae pa lamang ang nasabihan niya ng mga salitang 'I love you.' Si Arianne iyon.

"Hmm.... hindi kaya matunaw na siya sa kakatitig mo, pare?" pukaw ni Ambet. Hindi namalayan ni

Gareth na nakalapit na pala ito sa kanya.

"Ano ba'ng pinagsasabi mo diyan?" paasik na tanong niya.

"Imposible namang si Millie ko ang tinitingnan mo," pabirong tugon nito. "O kaya 'yung ibang kaklase natin na lumba-lumba at losyang na."

"Tigilan mo ako." Iniba niya ang direksyon ng kanyang mga mata.

"Ako ang tigilan mo. Sa tanda mo na ba namang 'yan, lilinlangin mo pa ang sarili mo? Hindi ba't matagal mo nang inaasam na mangyari ang ganito?"

"Aminado ako diyan, Ambet. Matagal kong hinintay ang pagkakataong ito."

"Ano ba'ng plano mo? Liligawan mo siya uli?"

Tinanggal niya ang shades saka ngumiti. "Dati kong asawa? Kailangan ko pa bang gawin 'yon?"

"Huwag mong sabihing..."

Makahulugang ngiti ang sagot niya.

MAGHAPONG HINDI nilapitan ni Gareth si Arianne. Hindi alam ng dalaga kung bakit may

maliit na bahagi ng kanyang puso na naghihintay na kausapin man lang siya nito. Nag-shower na siya upang magpalit ng damit na isusuot para sa barbecue party mamaya sa beachfront. Hindi siya kaagad lumabas ng cottage. Nahiga muna siya sa malambot na kama. Napagod kasi siya sa kalalangoy at pakikipaglaro ng volleyball sa mga dating kaklase.

Ipinikit niya ang kanyang mga mata. Imahe pa rin ni Gareth ang naaaninag niya kahit nakapikit siya. Napapadiin ang pikit niya kapag sumasalimbay sa kanyang isip ang maaaring maganap sa pagitan nila gaya ng nais nito.

Unti-unti, inagaw si Arianne ng antok. Hanggang sa dalawin siya ng isang panaginip. Siya at si Gareth, magkasamang namamasyal sa tabing-dagat. Malakas ang hampas ng alon at malamig ang simoy ng hangin. Magkahawak-kamay sila.

Mayamaya ay huminto sila sa paglalakad. Iniharap siya ng lalaki at ikinulong nito ang kanyang mukha sa dalawang palad nito saka siya masuyong tinitigan. Ibinulong nito ang kanyang pangalan saka dinampian siya nito ng magaang na halik sa labi.

Mahinang ungol ang sagot niya saka ibinulong din ang pangalan nito. “Oh, Gareth..”

Inulit-ulit pa ni Arianne ang pagbanggit niya sa pangalan ng naging asawa. Pagdilat niya ay muntik na siyang mapasigaw dahil nakatanghod sa kanya si Gareth mismo. May expression sa mukha nito na hindi niya maintindihan. Napabalikwas siya.

"What are you doing here?"

Hindi nagbago ang blank expression ng mukha nito. "Sa pagkakaalam ko, sa akin ang lugar na ito."

Pati pagiging pilosopo nito, hindi nito dating ugali. "In this room, I mean. Ano'ng ginagawa mo rito? Bakit ka nakapasok?"

"I was knocking, hindi ka sumasagot. Binuksan ko ang pinto. Nakita kong natutulog ka. I heard you whispered my name kaya… kaya lumapit ako." Ngayon ay naupo na ang lalaki sa gilid ng kama. Biglang lumamlam ang mga mata nito. Bahagya pa nitong inilapit ang mukha sa kanya.

Pinigilan niyang mapasinghap. "H-hindi ko tinawag ang pangalan mo."

"Wala akong witness so I won't argue. But I did hear you whisper my name. I swear I did."

Kunwa'y inilihis niya ang usapan. "Bakit ka ba narito?"

“Masama bang pasukin ko ang asawa ko sa kuwarto?” Hinaplos nito ang balikat niya. “Silipin kung… ayos ang kalagayan mo?”

Gusto niyang magalit pero hindi magawa. Kinikilabutan siya sa medyo magaspang na palad nito na humahaplos sa kanyang balikat.

Ang sumunod na ginawa nito ay hindi niya inaasahan. Bigla siya nitong kinabig at inangkin ang kanyang mga labi. He kissed her hard without warning. Mapagparusa ang halik na iyon; hindi banayad.

Pati ba paraan ng paghalik nito ay nabago na rin? Pati ba paghalik nito ay may kahalong poot?

She missed the way Gareth was kissing her before—gentle, passionate and full of love. Gayunpaman ay pinanabikan niya ang mga labi nito. Ganoon pa rin ang init na dulot niyon. Sa anumang paraan ng paghalik nito, hindi maitatatwang matamis pa rin ang halik na bigay nito. Namalayan niyang tumutulo ang kanyang luha. Dala ng pag-ibig at pagmamahal, dinama niya ang tamis ng halik na iyon. She felt her world turned upside down when he searched for her tongue and played with it.

Mayamaya ay parang nabasa nito ang laman

ng kanyang isip. Naging banayad ang paghalik nito kasabay ng masusuyong haplos sa kanyang likod. That was the kind of kiss she had been longing for. Napahikbi siya. She missed him terribly. Gusto niyang ipagsigawan kung gaano niya ito kamahal.

Awtomatikong tumaas ang kanyang mga kamay sa mga balikat nito, pahapit sa leeg nito. She wanted to relay to him that she wanted him to deepen the kisses more. Gusto niyang sabihin dito kung gaano niya ito kamahal. Na sa loob ng sampung taon ay wala siyang inisip kundi ito… ang kasalanan niyang nagawa rito.

Naglalandas ang luha sa mga mata ni Arianne habang pinagsasaluhan nila ang halik na kay tagal niyang inasam na muling matikman mula kay Gareth.

Suddenly, he broke off the kiss. Tinitigan siya nito saka napatiim-bagang. "Don't make me feel guilty. Hindi uubra sa akin 'yan. I won't apologize for kissing you because I intend to do more than that… in time." Bigla itong tumayo. "Mag-ayos ka na. Nagsisimula na silang mag-ihaw sa beachfront," anito bago tumalikod at lumabas sa pinto.

Napatda siya. Gareth misunderstood her. Ni hindi man lang siya tinanong nito kung bakit siya

umiiyak. Inakala nito na ang pag-iyak niya ay pagtutol sa ginawa nito. Hindi ba nito naramdaman ang kanyang pagmamahal sa pagganti niya ng halik?

Mabigat ang dibdib na lumabas at tumuloy sa beachfront. Hindi niya naabutan ang lalaki roon.

Masarap ang grilled seafoods pero hindi niya malasahan iyon. Nang narinig niya ang boses ni Gareth na nakikipagtawanan kay Ambet at sa iba pang mga lalaki ay napalingon siya. Nag-iinuman ang mga ito sa gitna ng malaking campfire.

Dahil wala siyang ganang makipagkuwentuhan sa mga dating kaklase, nagpaalam na siya na babalik sa kanyang cottage upang makapagpahinga.

Nang nakahiga na siya ay saka siya tahimik na lumuha. Kung alam lang ni Gareth na simula nang nagkahiwalay sila ay hindi tumigil sa pagdurugo ang kanyang puso.

She never realized how much she had hurt him. Mas malalim pala ang sugat na nilikha niya sa puso nito at mas masakit para sa kanyang makita ang poot sa mga mata nito.